# Kaligtasan ng Diyos

**WEEK 2**

## WARM-UP

- Magkuwento tungkol sa karanasan mong maglakbay sa ibang lugar, maganda man o hindi ang mga alaala mo sa paglalakbay na ito.
- Sa mga *gadget* man o sa dekorasyon, mas nagugustuhan mo ba ang mga maliliwanag na kulay o mas gusto mo ang mga madidilim na kulay? Bakit?
- Tuwing kailan mo nararamdaman ang labis na pahinga o pagkakuntento? Ilarawan ito.

## WORD

*Halikayo, mga lahi ni Jacob, mamuhay tayo sa katotohanan, na ibinigay sa atin ng PANGINOON.* **ISAIAS 2:5**

(Basahin din ang **ISAIAS 2:2–4.**)

Binigyan ng Diyos si Isaias ng larawan ng Kanyang kaharian. Sa pangitaing ito, ipinakita ang kaharian ng Diyos bilang bundok ng Panginoon kung saan dadagsa ang mga tao para sa kapayapaan at kaligtasan. Makikipag-usap pa sila sa ibang tao upang imbitahan silang pumunta sa Kanyang bundok—sa templo ng Diyos—upang matutunan ang Kanyang pamamaraan at tahakin ang Kanyang landas. Ipinapakita ng propesiyang ito kung paano iniipon ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan mula sa iba't ibang mga bayan, na nagpapakita na ang Kanyang kasunduan ay hindi lamang para sa Israel kundi para sa lahat ng bansa sa buong mundo. Dahil dito, tayo na mga mamamayan ng Diyos ay inaanyayahang mamuhay *sa katotohanan, na ibinigay sa atin ng PANGINOON*. Ngayon, titingnan natin kung ano ang ibig sabihin ng pamumuhay sa katotohanang ibinigay ng Panginoon.

## 1 Nais ng Diyos na maglakbay tayo kasama Niya.

*. . . Sasabihin nila, "Tayo na sa bundok ng PANGINOON, sa templo ng Diyos ni Jacob. . . ."* **ISAIAS 2:3**

Ang pamumuhay sa katotohanang ibinigay ng Panginoon ay nangangahulugan ng paglalakbay kasama Niya, tungo sa templo ng Diyos sa bundok ng Panginoon, ang *pinakamahalaga sa lahat ng bundok*. Ipinapakita ng propesiya ni Isaias kung paanong dadagsa ang mga tao mula sa iba't ibang bansa sa Kanyang templo nang may kasiyahan at kasabikan, habang tinatawag ang iba pa na sumama sa kanila. Sa kasalukuyan, ang templo ng Diyos ay tumutukoy sa Kanyang mga mamamayan, ang Iglesya. Dahil itinakda ng Diyos na mangyari ito, ang nais Niya ay maglakbay tayo kasama ng iba pang mga mananampalataya tungo sa Kanyang templo. Ano ang naging dahilan ng pagsisimula ng iyong paglalakbay kasama ang Panginoon?

## 2 Nais ng Diyos na matutunan natin ang Kanyang pamamaraan.

*Sasabihin nila, "Tayo na sa bundok ng PANGINOON, sa templo ng Diyos ni Jacob. Tuturuan niya tayo roon ng kanyang mga pamamaraan upang sundin natin." Kaya magsisiuwi ang mga tao mula sa Zion, ang lungsod ng Jerusalem, na dala ang Kautusan ng PANGINOON.* **ISAIAS 2:3**

Ipinakita ng mga susunod na talata kung ano ang magaganap sa templo ng Diyos: *Tuturuan niya tayo roon ng kanyang mga pamamaraan upang sundin natin*. Nais ng Diyos na matutunan ng Kanyang mga mamamayan ang Kanyang mga pamamaraan. Kapag tayo ay nanampalataya sa Kanya, matututunan natin ang Kanyang pamamaraan, at kung tatahakin natin ang Kanyang daan sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanya at pakikinig sa Kanyang pagtutuwid, tayo ay mas lalong magiging katulad Niya. Ano ang ilang bagay sa buhay mo na nagbago bilang resulta ng patuloy mong pagkakilala sa Diyos?

## 3 Nais ng Diyos na magkaroon tayo ng Kanyang kapayapaan.

*[4]At sa pamamagitan ng mga kautusan niya, pagkakasunduin niya ang maraming bansa. Kaya hindi na magdidigmaan ang mga bansa, at hindi na rin sila magsasanay ng mga sundalo para sa digmaan. Gagawin na lang nilang talim ng araro ang kanilang mga espada, at karit na pantabas ang kanilang mga sibat.*
*[5]Halikayo, mga lahi ni Jacob, mamuhay tayo sa katotohanan, na ibinigay sa atin ng PANGINOON.* **ISAIAH 2:4–5**

Kapag tayo ay naniwala sa Diyos at nagpasakop sa Kanyang pagka-Panginoon, magkakaroon tayo ng kapayapaan. Nakikita natin dito ang Diyos bilang ang pangunahing Hukom. Sa mga huling araw, sinabi ni Isaias na *hindi na magdidigmaan ang mga bansa*. Ang mga kagamitang pandigma na ginagamit upang saktan ang iba ay gagawin na lamang na mga kagamitan para sa pag-ani at sa panahon ng kapayapaan. Iniimbitahan tayo ng Diyos na mamuhay nang ganito kasama Niya: maglakbay kasama Niya, matutunan ang Kanyang pamamaraan, at maranasan ang kapayapaan sa Kanya. Ano ang naramdaman mo nang tanggapin mo ang imbitasyon ng Diyos na mamuhay nang ganito sa piling Niya?

## APPLICATION

- Naranasan mo na bang mamuhay sa liwanag ng Panginoon? Nais mo bang simulan ito ngayon? Hilingin sa isang kakilala na manalangin kasama mo upang masimulan mo ang paglalakbay na ito.
- Paano mo nakita ang mga katotohanan ng propesiya ni Isaias sa komunidad mo ngayon? Paano mo nakikita sa larawan ng lahat ng bayan ang mga tao na maaari mong abutin ngayon?
- Sino ang ilang kaibigan o kapamilya na maaari mong ipanalangin na mamuhay sa liwanag ng Panginoon?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang kaligtasan na nangingibabaw sa lahat ng pagkakaiba-iba ng tao, estado sa buhay, at nasyonalidad, Hingin sa Diyos ang karunungan at tapang upang maisulong ang Kanyang kaharian saan ka man naroroon.
- Ipanalangin na matutunan mo ang mga pamamaraan ng Diyos at maging matapat ka sa pagsunod sa Kanya. Ipanalangin na maliwanag mong marinig ang Kanyang tinig at mas lalo ka pang maging katulad Niya.
- Ipanalangin at ipahayag ang katuparan ng propesiya tungkol sa pagdagsa ng napakaraming tao sa tahanan ng Panginoon. Patuloy na ipanalangin na ang mga bayan ay makakakilala sa Diyos at mananampalataya sa Kanya.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph